# MISSALETTE

19 Abril 2026 • IKA-3 LINGGO NG PASKO NG MULING PAGKABUHAY • Taon A



## SI KRISTONG MULING NABUHAY, ANG KALAKBAY NATING NAKAPAGPAPALINAW

Sa Ikatlong Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, ang Panginoong Muling Nabuhay ay kasama nating naglalakbay sa daan patungong Emaus. Tulad ng dalawang alagad, napapamulat at napapaliwanagan tayo ng Kanyang Salita sa Banal na Kasulatan, pinapag-alab ang ating mga puso, at pinalalakas ang ating pananampalataya. Sa paghahati-hati ng Tinapay, Siya ay nakikilala natin—at nararamdaman natin ang pananabik na ibahagi ang kagalakan ng Kanyang Muling Pagkabuhay sa mga nag-aalinlangan pang sumampalataya.

Nawa'y sa ating pakikipagtagpo kay Hesus na Muling Nabuhay sa Eukaristiyang ito maging mahabagin tayo sa mga kapwa manlalakbay—mapagmatyag sa pagkikipagtunggali ng iba, handang makinig, at masigasig na ibahagi sa kanila ang ating pananampalataya sa Kanyang Muling Pagkabuhay.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Sa D'yos tayo ay magalak,
lahat magpuri nang wagas.
Sa ngalan n'ya'y ipahayag
pagpupuring walang kupas,
Aleluyang walang wakas. *(Sal 66, 1-2)*

### PAGBATI

**P –**Ang biyaya at kapayapaan ng ating Diyos Ama, ng Panginoong Hesus, na ating kasamang naglalakbay, at ng Banal na Espiritung ating Tagapayo, ay sumainyong lahat.
**B – At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P –**Habang naghahanda tayo para makatagpo ang Panginoong Muling Nabuhay sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin sa kanya ang kapatawaran at lakas. *(Manahimik sandali.)*

**P –** Para sa mga pagkakataong kami'y napadaig sa panghihina ng loob at kalungkutan, at nagpalaganap ng ganitong mga damdaming negatibo, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P –** Para sa mga pagkakataong nakaligtaan naming makilala at pakinggan ka sa aming kapwa, Kristo, kaawaan mo kami.
**B – Kristo, kaawaan mo kami.**

**P –** Para sa mga pagkakataong nagkulang kaming magpalakas ng loob ng aming mga kapatid sa pamamagitan ng masiglang pagpapahayag ng aming pananampalataya, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P –** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B – Amen.**

### PAPURI

**B –** Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,

This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagkat ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P –** Ama naming makapangyarihan,
lagi nawang magalak ang iyong sambayanan
sa pagkakaroon ng bagong kalooban
upang sa kadakilaang dulot ng pag-anib sa iyong angkan
ang araw ng pagkabuhay ay maging pag-asa sa pagdiriwang
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## UNANG PAGBASA Gawa 2, 14. 22-33

Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

**Noong araw ng Pentekostes, tumayo si Pedro at ang labing-isang apostol, at nagsalita siya nang malakas, "Mga kababayan, at mga naninirahan sa Jerusalem: pakinggan ninyong mabuti ang aking sasabihin. Mga Israelita, pakinggan ninyo ito! Si Hesus, na taga-Nasaret ay sinugo ng Diyos. Pinatutunayan ito ng mga himala, mga kababalaghan, at mga tandang ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya. Alam ninyo ito sapagkat lahat ay naganap sa gitna ninyo. Ngunit ang taong ito na ibinigay sa inyo ayon sa pasiya at pagkaalam ng Diyos sa mula't mula pa, ay ipinapako ninyo at ipinapatay sa mga makasalanan. Subalit siya'y muling binuhay ng Diyos at pinalaya sa kapangyarihan ng kamatayan. Hindi ito maaaring mamayani sa kanya, gaya ng sinabi ni David:**

**'Nakita ko na laging nasa tabi ko ang Panginoon.**
**Siya'y kasama ko kaya't hindi ako matitigatig.**
**Dahil dito, nagalak ang puso ko at umawit sa tuwa ang aking dila,**
**at ang katawan ko'y nahihimlay na may pag-asa.**
**Sapagkat ang kaluluwa ko'y di mo pababayaan sa daigdig ng mga patay,**
**at hindi mo itutulot na mabulok ang iyong Banal.**
**Itinuro mo sa akin ang mga landasing patungo sa buhay,**
**dahil sa ikaw ang kasama ko, ako'y mapupuspos ng kagalakan.'**

**Mga kapatid, masasabi ko sa inyo nang tiyakan na ang patriyarkang si David ay namatay at inilibing; naririto ang kanyang libingan hanggang ngayon. Siya'y propeta at nalalaman niya ang pangako sa kanya ng Diyos: na magiging haring tulad niya ang isa sa kanyang mga inapo. Ang muling pagkabuhay ng Mesiyas ang nakita't hinulaan ni David nang kanyang sabihin:**

**'Hindi siya pinabayaan sa daigdig ng mga patay;**
**at hindi itinulot na mabulok ang kanyang katawan!'**

**Itong si Hesus ay muling binuhay ng Diyos, at saksi kaming lahat sa bagay na ito. Nang itaas siya sa kanan ng Diyos, tinanggap niya sa kanyang Ama ang ipinangakong Espiritu Santo at ito'y kanyang ipinagkaloob sa amin, tulad ng inyong nakikita at naririnig ngayon."**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## SALMONG TUGUNAN Sal 15, 1-2a, at 5. 7-8. 9-10. 11

**B – Ituro mo ang landasin**
**ng buhay kong hahantungin.**

*R. M. Velez*



* O Diyos, ako'y ingatan mo, ingatan ang iyong lingkod.
Ang hangad ko ay maligtas, kaya sa 'yo dumudulog.
"Ika'y aking Panginoon," ang wika ko sa aking Diyos.
"Kabutihang tinanggap ko, ay ikaw ang nagkaloob."
Ikaw lamang, Panginoon, ang lahat sa aking buhay,
ako'y iyong tinutugon sa lahat kong kailangan. **B.**

* Pinupuri ko ang Poon na sa akin ay patnubay.
Kahit gabi diwa niya ang sa aki'y umaakay.
Nababatid ko na siya'y kasama ko oras-oras.
Sa piling n'ya kailanma'y hindi ako matitinag. **B.**

* Kaya't ako'y nagdiriwang, ang diwa ko'y nagagalak.
Ang lagi kong nadarama'y hindi ako matitinag.
Pagka't di mo tutulutang ang mahal mo ay malagak,
sa balon ng mga patay upang doon ay maagnas. **B.**

* Ituturo mo ang landas na buhay ang hahantungan,
sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan.
Ang tulong mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan. **B.**

## IKALAWANG PAGBASA — 1 Ped 1, 17-21

Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pedro

**Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo. Dahil sa laki ng habag niya sa atin, tayo'y isinilang sa isang panibagong buhay sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Hesukristo. Ang bagong buhay na iyan ang nagbigay sa atin ng malaking pag-asa na kakamtan natin ang isang kayamanang walang kapintasan, di-masisira, at di-kukupas. Ang kayamanang iya'y nakalaan sa inyo doon sa langit. Sapagkat kayo'y sumampalataya, iingatan kayo ng kapangyarihan ng Diyos samantalang hinihintay ninyo ang kaligtasang nakalaang ihayag sa katapusan ng mga panahon.**

**Ito'y dapat ninyong ikagalak, bagamat maaaring magdanas muna kayo ng iba't ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon. Ang ginto, na nasisira, ay pinararaan sa apoy upang malaman kung talagang dalisay. Gayon din naman, ang inyong pananampalataya, na higit kaysa ginto, ay pinararaan sa pagsubok upang malaman kung talagang tapat. Sa gayon, kayo'y papupurihan, dadakilain, at pararangalan sa Araw na mahayag si Hesukristo. Hindi ninyo siya nakita kailan-man, ngunit siya'y inibig na ninyo. Hindi pa rin ninyo siya nakikita magpahanggang ngayon, ngunit nananalig na kayo sa kanya. Dahil dito'y nag-uumapaw na sa inyong puso ang kagalakang di kayang ilarawan sa salita. Sapagkat inaani na ninyo ang bunga ng inyong pananampalataya—ang inyong kaligtasan.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## ALELUYA — Jn 20, 29

**B – Aleluya! Aleluya!
Mapalad at maligaya
ang sumasampalataya
sa di nakita ng mata!
Aleluya! Aleluya!**

## MABUTING BALITA — Lc 24, 13-25

**P–** Sumainyo ang Panginoon.
**B– At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay Lucas
**B– Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Nang Linggo ding iyon, ang dalawa sa mga alagad ay patungo sa isang nayong tinatawag na Emaus, may labing-isang kilometro ang layo sa Jerusalem. Pinag-uusapan nila ang mga pangyayari. Samantalang nag-uusap sila at nagtatanungan, lumapit si Hesus at nakisabay sa kanila. Siya'y nakita nila, ngunit hindi nakilala agad. Tinanong sila ni Hesus, "Ano ba ang pinag-uusapan ninyo?" At tumigil silang nalulumbay. Sinabi ng isa na ang ngala'y Cleopas, "Kayo lamang po yata ang dayuhan sa Jerusalem na hindi nakaaalam sa mga bagay na katatapos pa lamang nangyari roon." "Anong mga bagay?" tanong niya. At sumagot sila, "Tungkol kay Hesus na taga-Nasaret, isang propetang makapangyarihan sa gawa at salita, maging sa harapan ng Diyos at ng mga tao. Isinakdal siya ng aming mga punong saserdote at mga pinuno upang mahatulang mamatay, at siya ay ipinako sa krus. Siya pa naman ang inaasahan naming magpapalaya sa Israel. Hindi lamang iyan. Ikatlong araw na ngayon mula nang mangyari ito; nabigla kami sa ibinalita ng ilan sa mga babaing kasamahan namin. Maagang-maaga raw silang nagpunta sa libingan, at di nila natagpuan ang kanyang bangkay. Nagbalik**

**sila at ang sabi'y nakakita raw sila ng isang pangitain—mga anghel na nagsabing buhay si Hesus. Pumunta rin sa libingan ang ilan sa mga kasama namin at gayon nga ang natagpuan nila, ngunit hindi nila nakita si Hesus."**

**Sinabi sa kanila ni Hesus, "Kay hahangal ninyo! Ano't hindi ninyo mapaniwalaan ang lahat ng sinabi ng mga propeta? Hindi ba't ang Mesiyas ay kailangang magbata ng lahat ng ito bago niya kamtan ang kanyang marangal na katayuan?" At ipinaliwanag sa kanila ni Hesus ang lahat ng nasasaad sa Kasulatan tungkol sa kanyang sarili, simula sa mga aklat ni Moises hanggang sa sinulat ng mga propeta.**

**Malapit na sila sa nayong kanilang patutunguhan, at si Hesus ay waring magpapatuloy pa ng lakad. Ngunit siya'y pinakapigil-pigil nila, "Tumuloy na po kayo rito sa amin," anila, "sapagkat palubog na ang araw at dumidilim na." Kaya't sumama nga siya sa kanila. Nang siya'y kasalo na nila sa hapag, dumampot siya ng tinapay at nagpasalamat sa Diyos, saka pinaghati-hati at ibinigay sa kanila. Nabuksan ang kanilang paningin at nakilala nila si Hesus, subalit ito'y biglang nawala. At nawika nila, "Kaya pala gayon ang pakiramdam natin habang tayo'y kinakausap sa daan at ipinaliliwanag sa atin ang mga Kasulatan!"**

**Noon di'y tumindig sila at nagbalik sa Jerusalem. Naratnan nilang nagkakatipon ang Labing-isa at ang ibang mga kasama nila na nag-uusap-usap, "Muli ngang nabuhay ang Panginoon! Napakita kay Simon!" At isinalaysay naman ng dalawa ang nangyari sa daan, at kung paano nila siya nakilala nang paghati-hatiin niya ang tinapay.**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P–** Taglay ang mga pusong pinag-alab ng Salita ng Diyos na kapapahayag at kapapaliwanag pa lamang, idulog natin ang ating mga panalangin para sa pangangailangan ng mundo at ng bawat isa sa atin. Sama-sama tayong manalangin:

**B – Mahabaging Hesus, dinggin ang aming panalangin.**

* Para sa Simbahan, na tagapag-ingat ng Salita ng Diyos: nawa buong linaw Niyang maipahayag ito upang maliwanagan ang isipan ng mga tao at maganyak ang kanilang mga puso para isabuhay nila ito. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa Santo Papa at sa iba pang pinuno ng Simbahan: sa pamamagitan ng kanilang pagtuturo, nawa lumalim ang ating kamalayan sa Muling Pagkabuhay at sa buhay na kapangyarihan nito sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa lahat ng magulang at guro: sa diwa ni Kristong Muling Nabuhay, sila nawa'y makapagkintal sa mga puso ng kanilang mga anak at ng mga tinuturuan ng kapayapaan, galak, at hangaring maging mabuting tao. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa lahat ng nabibigatan dahil sa mga pagkabigo at pagkadismaya sa buhay: nawa matagpuan nila kay Kristong Muling Nabuhay ang liwanag at lakas ng loob na nagpasigla sa puso ng dalawang alagad na naglalakbay patungong Emaus. Manalangin tayo. **B.**

**P–** Panginoong Hesus, salamat sa paglalakad Mong kasama namin sa paglalakbay ng buhay. Alisin Mo ang aming mga pag-aalinlangan, hilumin Mo ang aming mga sugat, at papaghatian Mo kami ng Tinapay ng Buhay,

hanggang makarating kaming kasama Ka sa aming tunay na tahanan sa langit, Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.
**B – Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .
**B – Tanggapin nawa ng Panginoon**
**itong paghahain sa iyong mga kamay**
**sa kapurihan niya at karangalan,**
**sa ating kapakinabangan**
**at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P–** Ama naming Lumikha,
tanggapin mo ang mga alay ng iyong
sambayanang natutuwa.
Ang pagkabuhay ng iyong Anak
na niloob mong aming ikatuwa ngayon
ay papagbungahin mo ng galak
na mananatili sa amin habang panahon
sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

### PREPASYO V

P – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**
P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B – Marapat na siya ay pasalamatan.**
P– Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan
ngayong ipinagdiriwang
ang paghahain ng Mesiyas,
ang maamong tupa
na tumubos sa aming lahat.
Ang katawan ng Anak mong sa krus nabayubay
ay handog ng pag-ibig na walang kapantay.
Ito ang paghahaing ganap mong kinalugdan.
Ito ang nilunggati ng dating pag-aalay.
Ang buong sarili ng Anak mong si Hesus
ay inihain sa iyo upang kami'y matubos.
Siya ang dambana at paring naghahandog.
Siya pa rin ang tupang handog na ibinukod.
Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit
ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
**B – Santo, santo, santo . . .**

### PAGBUBUNYI

**B –** Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

## PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
P – Hinihiling namin . . .
**B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang**
**kapangyarihan at ang kapurihan**
**magpakailanman. Amen.**

### PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

### PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P –** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

#### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

No'ng hatiin ang tinapay
ni Hesus na Poong Mahal,
nakilala siyang tunay
ng kasalong kaibigan.
Aleluya, siya'y awitan. *(Lc 24, 35)*

### PANALANGIN PAGKAPAKINABANG


**P –** Ama naming mapagmahal,
tunghayan mo at lingapin ang iyong sambayanan
na minarapat mong makinabang
sa piging na pangmagpakailanman.
Ipagkaloob mong kami'y maluwalhating makarating
sa pagkabuhay na magtatampok
sa amin sa iyong piling
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

## PAGWAWAKAS

**P –** Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P –** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
**B – Amen.**

**P –** Humayo kayo sa kapayapaan upang mahali't paglingkuran ang Panginoon.
**B – Salamat sa Diyos.**








WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
*Postal Address:* P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
*Tel. Nos.* 8894-5401; 8475-8945 • *Website:* www.wordandlife.org
• *E-mail:* wordandlifepublications@gmail.com • *FB:* Word And Life Publications
• *Editorial Team:* Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• *Illustrations:* A. Sarmiento, B. Cleofe • *Circulation:* R. Saldua